REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-235

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA PUNONG BAYAN IGNACIO R. BUNYE NA IPAG_UTOS SA PAMUNUAN NG BARANGAY ANG MULING PAGLILINIS NG MGA ILOG NA PUNO NG BASURA AT IBA'T-IBANG DUMI AT ANG PAGLALAAN NG KAUKULANG GASTUSIN PARA DITO.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang marumi at mabahong amoy mula sa ilog na puno ng iba't-ibang dumi ay nakapagdudulot ng maraming sakit sa mga mamamayan na lubhang naaapektuhan ang kalusugan ng katawan;

SAPAGKAT, ang polusyon sa ilog ay nakapagdudulot ng pagkamatay ng iba't-ibang uri ng yamang-dagat na maaaring mabuhay tulad ng mga isda;

SAPAGKAT, pumapangit ang kapaligiran kung mapagmamasdan ang maruruming ilog;

SAPAGKAT, ang mga ilog na malinis ay malaki ang kapakinabangan tulad ng paglalaba, paliligo, pandilig sa mga halaman at gulay at pagkukunan ng pagkain tulad ng isda, hipon at iba pa.

NGAYON DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na hinihiling sa Punong Bayan Ignacio R. Bunye na ipag-utos sa pamunuan ng barangay ang muling paglilinis ng mga ilog na puno ng basura at iba'tibang dumi at ang paglalaan ng kaukulang gastusin para dito.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 181st regular na pulong na ginanap ngayong ika-2 ng Disyembre 1991 sa Bulwagan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pnag./ Punong Bayan/Pang./Pangulong Opisyal

KGG.CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG.ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
KOnsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts